# MAG-APPLY PARA SA **JAMES CARY SMITH**

# COMMUNITY GRANT!

## Hanggang $100,000 bawat organisasyon ang naigagawad taun-taon



## Tinatanggap ang mga aplikasyon hanggang Oktubre 1, 2021, alas-singko ng hapon (5:00 pm), Oras ng Pasipiko (Pacific Time)

**Hangad ng Air District na patatagin ang pakikipagsosyo sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang mas maraming tagapagtaguyod ng Bay Area ang makakuha ng impormasyon at mga resource na kanilang kakailanganin upang ganap na makibahagi sa mga desisyon na nakakaapekto sa lokal na kalidad ng hangin at kalusugan ng komunidad.**

Ang kabuuang $750,000, ay magagamit para sa Programa ng James Cary Smith Community Grant bawat taon. $100,000 ang pinakamataas na halaga para sa isang indibidwal na maibibigay, at humigit-kumulang isang taon ang magiging tagal ng grant, na may posibilidad na mapondohan ng hanggang tatlong taon.

Dapat gamitin ang mga grant sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng mga estratehiyang nagsusulong ng tunay at pinahusay na pakikibahagi ng komunidad sa pagpaplano ng mga aktibidad na nagpapabuti sa kalusugang nauugnay sa kapaligiran ng komunidad. Sa partikular, nilalayon ng Air District na makipag-partner sa mga organisasyon sa komunidad sa Bay Area para maitaguyod ang mga lokal na pagsisikap na nagpapaganda sa kalidad ng hangin at nagbabawas sa pagkakalantad sa polusyon sa hangin.

Ang mga grupo sa komunidad at lokal na 501(c)(3) organisasyong hindi pangkalakal na pinaglilingkuran ng hustisya sa kapaligiran (Environmental Justice) sa Bay Area ay hinihiyakat na mag apply.

## Para mag-apply:

Bumisita sa **https://www.baaqmd.gov/communitygrants** para sa mga alituntunin at impormasyon sa pag-apply. Dapat isumite ang mga aplikasyon bago mag alas singko ng hapon **(5:00 p.m.) Pacific Time sa Biyernes, Oktubre 1, 2021.** May Mga Tanong? Makipag-ugnayan sa **communitygrants@baaqmd gov**

.

BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT